


# Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikalawang Markahan – Modyul 3:  
Ang Paggawa Bilang Paglilingkod at  
Pagtaguyod ng Dignidad ng Tao



**EsP – Grade 9**

**Alternative Delivery Mode**

**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Ang Paggawa Bilang Paglilingkod at Pagtaguyod ng Dignidad ng Tao**

**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyulna ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Aimee A. Torrevillas

**Editor:** Reyna Joyce B. Barutu, Filma B. Catalan

**Tagasuri:** Elsa A. Usman, Violeta M. Sta. Elena

**Tagalapat:** Aljohn Kent S. Galos, Marvin DJ. Villafuerte

**Tagapamahala:** Ruth L. Fuentes

Eugenio B. Penales

Sonia D. Gonzales

Julieto H. Fernandez

Henry R. Tura

Elsa A. Usman

**Inilimbag sa Pilipinas ng \_\_\_\_\_**

**Department of Education – Region IX**

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: [region9@deped.gov.ph](mailto:region9@deped.gov.ph)

# **Edukasyon sa Pagpapakatao**

**Ikalawang Markahan – Modyul 3:  
Ang Paggawa Bilang Paglilingkod at  
Pagtaguyod ng Dignidad ng Tao**

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



## **Alamin**

Binuo at isinulat ang modyul na ito na ikaw, aming minamahal na magaaral ang isinasaalang-alang. Sa modyul na ito, inaasahan namin na matutunan mo nang may kahusayan ang mga prinsipyo sa paggawa bilang paglilingkod at pagtataguyod sa dignidad ng tao. Ang pagkakasunod-sunod ng mga aralin sa modyul na ito ay naaayon sa nakatakdang pamantayan ng Kagawaran ng Edukasyon.

Nilalaman ng modyul na ito ang aralin na:

1. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng paggawa bilang tagapagtaguyod ng dignidad ng tao at paglilingkod. **(EsP9TT-IIe-7.1)**
2. Nakapagsusuri kung ang paggawang nasaksihan sa pamilya, paaralan o barangay/pamayanan ay nagtataguyod ng dignidad ng tao. **(EsP9TT-IIe-7.2)**
3. Napatutunayan na sa pamamagitan ng paggawa nakapagpapamalas ang tao ng mga pagpapahalaga na makatutulong upang patuloy na maiangat, bunga ng kanyang paglilingkod, ang antas kultural at moral ng lipunan at makamit niya ang kaganapan ng kanyang pagkatao. **(EsP9TT-IIif-7.3)**
4. Nakabubuo ng sintesis tungkol sa kabutihang naidudulot ng paggawa gamit ang internet sa mga manggagawang kumakatawan sa mga taong nangangailangan (marginalized) na nasa iba't-ibang karera o trabahong teknikal-bokasyonal. **(EsP9TT-IIif-7.4)**



## **Subukin**

**Panuto:** Basahin at suriing mabuti ang bawat aytem/tanong. Isulat ang titik ng pinakawastong sagot sa iyong kwaderno o sagutang papel.

1. Ang paggawa ay nakatutulong upang malinang ng tao ang kanyang \_\_\_\_\_.  
A. kaalaman                      C. kayamanan  
B. kagandahan                      D. pakikisama
2. Ang sumusunod ay paglalarawan tungkol sa paggawa maliban sa \_\_\_\_\_.  
A. Anumang gawaing makatao ay nararapat sa tao bilang anak ng Diyos  
B. Isang gawain ng tao na palagiang isinasagawa nang may pakikipagtulungan sa kaniyang kapuwa.  
C. Resulta ng pagkilos ng tao na may layuning makalamang at makasakit ng kapuwa.  
D. Isang gawain ng tao na nangangailangan ng orihinalidad, pagkukusa at pagkamalikhain.
3. Ang tao ay pinagkalooban ng talento upang siya ay patuloy na umunlad bilang kasapi ng kanyang komunidad. Isa sa mga talentong ito ay ang kakayahan sa \_\_\_\_\_ ito ang nagbibigay ng katuturan sa buhay bilang tao.  
A. paggawa                      C. pakikisama  
B. pagtugon                      D. pagmamahal
4. Ang pagtatrabaho ng mga magulang upang mabigyan ng magandang kinabukasan ang kanilang mga anak ay nagpapakita na ang paggawa ay paraan ng \_\_\_\_\_.  
A. Pagbibigay kahulugan sa buhay  
B. Paglinang ng kaalaman at kasanayan  
C. Pagpapadama ng pagmamahal  
D. Pagtugon sa mga pangangailangan
5. Paano nasasabi na ang paggawa ay isang moral na obligasyon para sa kapuwa, sa kaniyang pamilya, sa lipunan na kaniyang kinabibilangan at sa bansa?  
A. Kapag hindi iniisip ng tao ang kanyang sarili sa kanyang paggawa  
B. Kapag kinakailangan isama sa layunin ng tao sa paggawa ang makatutulong sa kaniyang kapuwa.  
C. Kapag kinakailangan ng tao na maghanap ng trabaho na ang layunin ay makatulong at magsilbi sa kapuwa.  
D. Lahat ng nabanggit

**Ang Paggawa Bilang  
Paglilingkod at Pagtaguyod  
sa Dignidad ng Tao**



**Balikan**

Sa nagdaang modyul, naunawaan mo ang tungkol sa Likas Batas Moral. Iba ang mabuti sa tama, ang mabuti ay ang mga bagay na tutulong sa pagbuo ng sarili. Ang tama ay ang pagpili ng pinakamabuti batay sa panahon, kasaysayan, lawak at sitwasyon. Sa Likas Batas Moral, preskripsiyon ang mabuti, ang tama ay ang angkop sa tao.

**Gawain:** Tama ba o mabuti?

Basahin at unawain ang mga sitwasyon, tukuyin kung ito ba ay TAMA o MABUTI at **pangatuwiran** ang iyong sagot.

Sitwasyon	Tama o Mabuti
Si Jessica ay may pwesto sa palengke pero hindi niya ito pag-aari, inuupahan niya ito ng isang-daang piso kada-araw at hindi kalakasan ang mga benta niya. Mayroong sakit ang anak ni Jessica kaya malaking tulong na rin para sa kanya ang isang-daang piso. Upang mabawi niya nag kanyang renta ay dinadaya niya ang timbang ng kanyang mga paninda.	
Mapagmahal at responsableng ama si Mang Ador. Minsan ay nagsara ang pabrikang pinapasukan niya at wala siyang sapat na ipon upang matustusan ang pang-araw araw na pangangailangan ng kanyang mag-anak. Isang beses na lamang sa isang araw silang kumain dahil kapos na kapos na sila sa buhay. Hindi niya matiis ang ganoong sitwasyon kaya pinili niya na lamang magnakaw. Simula noon ay nakakain na sila ng wasto at naibibigay niya kahit ang simpleng kahilingan ng mga ito.	
Ang pagtataguyod ng gawaing tutulong sa kapuwa halimbawa na lamang ay ang pagtuturo sa mga kababaihang manahi na maaari nilang pagkakitaan o maging hanapbuhay.	
Nangunguna si Elena sa kanilang klase sa lahat ng asignatura. Minsan ay kumuha siya ng pagsusulit at nais niyang makakuha ng mataas na marka ngunit karamihan sa kanyang sinaulo ay hindi lumabas sa pagsusulit. Nanganganib na bumagsak siya, naisip niyang mangopya sa klase ngunit naisip niyang masama ang mandaya. Mababa man ang naging marka niya ang mahalaga ay naging matapat naman siya.	



## Tuklasin

### Gawain 1:

Panuto: Suriing mabuti ang mga sumusunod gabay ang mga tanong sa ibaba:

A.



B.



C.



Sagutin ang mga sumusunod na tanong.

1. Ano ang pagkakaiba ng langgam, gagamba at mga tao sa layunin nila sa kanilang ginagawa? Ipaliwanag.
2. Bakit nagkakaiba-iba ng layunin sa kanilang ginagawa ang mga may buhay na nilikha ng Diyos?
3. Sa lahat ng nabanggit, sino ang may pinakamalalim na dahilan ng paggawa? Bakit?

### Gawain 2: Pagsusuri ng Talata

Panuto: Basahin at unawain ang talata ukol sa mga makabagong bayani— ang mga *Frontliners*.

Ngayong may kinakaharap tayong pandemya dulot ng COVID 19. Maraming negosyo ang napilitang huminto, ang daming mga maliliit na manggagawa ang naapektuhan tulad na lamang ng mga tsuper, manggagawa sa pabrika at iba pa dahil sa banta ng hawaan at restriksyon ng gobyerno simula nang ipatupad ang *lockdown*. Sa panahon ng pandemya, gumagawa ng iba't-ibang paraan ang pamilyang Pilipino upang malampasan ang mga pagsubok. Karamihan sa kanila nagbebenta na ng mga gamit kagaya ng motorsiklo, mga kagamitan sa bahay o ang pinakamasaklap pa ay nagbebenta na ng *kidney* upang maitawid ang kanilang pamilya sa gutom.

Sa kabila nito marami rin ang nagpakita at nagsabuhay ng bayanihan tulad na lamang ng ating mga *frontliners* na hindi kailanman mahihigitan ang kanilang serbisyo at pagsasakripisyo upang tiyaking ligtas ang bawat Pilipino. Lumalaban sila sa sariling pangamba at pangungulila sa sariling pamilya na lubos na nag-aalala sa kanila, mabigyan lamang ng ginhawa ang may sakit at medikal na pangangalaga. Hindi alintana ang anumang panganib, wala pa ring patid ang pagtupad nila sa kanilang sinumpaang tungkulin.



**Panuto:** Gumawa ng pahina na katulad ng isang magasin gamit ang gabay na tanong. Ipakita ito ayon sa ayos ng artikulo ng magasin.

Mga gabay na tanong:

1. Bakit sinasabing ang paggawa ay isang paraan ng paglilingkod sa kapuwa?
2. Ano ang nagpapatatag sa mga *frontliners* upang ipagpatuloy ang pagtupad sa kanilang tungkulin?



## **Suriin**

### **Kahulugan ng Paggawa**

Ang paggawa ay itinuturing na isang tungkuling kailangang isagawa nang may pananagutan. (Esteban, S J. 2009). Ayon sa aklat na *Work: The Channel of Values Education*, ang paggawa ay isang aktibidad o gawain ng tao.

Ang paggawa ay para sa tao at nilikha ang tao para sa paggawa (Institute for Development Education, 1991). Tulad na lamang ng mga doktor, napakahalaga ng kanilang trabaho sapagkat marami silang napagagaling na karamdaman. Tungkulin ng mga pulis na panatilihin ang kaligtasan at katahimikan ng kanilang bayan o bansa. Marami rin ang nasasagip na kabataan na nalilihis ng daan.

Ang paggawa ay isang gawain ng tao na nagangailanagn ng orihinal, pagkukusa, at pagkamalikhain; at ang produkto nito, materyal man o hindi, ay magbubunga ng pagbabago sa anumang bagay.

Ang paggawa ay anumang gawain- pangkaisipan man o manwal, anuman ang kalikasan o kalagayan nito, na makatao, nararapat para sa tao bilang anak ng Diyos. May mga bagay na inilalaan na gawin ng tao dahil siya ay bukod-tanging nilikha.<sup>1</sup>

### **Mga Layunin ng Paggawa**

1. *Ang tao ay gumagawa upang kitain ang salapi na kanyang kailangan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan.*

Hindi mabubuhay nang maginhawa ang tao kung hindi siya magtatrabaho. Kaya nga maraming mga maliit na manggagawa ang patuloy na naghahanap-buhay upang matugunan ang pangangailangan ng kanilang pamilya.

- Kailangang isaisip at isapuso na hindi dapat magpaalipin ang tao sa paggawa. Naghahanap-buhay tayo upang mabuhay at hindi nabubuhay upang maghanap-buhay.

2. *Makapag-ambag sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng Agham at Teknolohiya.* Sa kinakaharap nating pandemya, lahat ay nakikilahok sa pag-aaral sa pagtuklas ng bakuna laban sa COVID-19. Ang tao ay nilikhang may kakayahan upang makapag-ambag sa ikakaunlad at ikakabuti ng lipunan. Ang World Health Organization at iba pang sektor ng Agham at Teknolohiya ay puspusan ang ginagawang pag-aaral upang masugpo ang mapinsalang sakit na COVID 19.

Ginagawa nila ang lahat ng kanilang makakaya upang wala ng masawi at manatiling ligtas ang mga tao.

- Mahalagang taglayin ng lahat ng tao ang adhikain na maibahagi ang kanyang kakayahan para sa ikauunlad ng lipunan. Mahalagang pagyamanin ang Agham at Teknolohiya ngunit kailangang masiguro na hindi gagamitin ang mga ito upang mawalan ng silbi ang tao. Ginawa sila bilang katuwang at hindi kapalit ng tao.

<sup>1</sup>Gayola, Sheryll T. et. al., Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa Mag-aaral, Unang Edisyon 2015, Muling Limbag 2017, pp. 102

### 3. *Maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan.*

- Mahalagang maunawaan na ang paggawa ay mayroong panlipunang aspekto at hindi kailangan ihiwalay ang pananagutan ng tao para sa pagangat ng kultura at moralidad ng lipunang ating kinabibilangan. *May kakayahan din ang tao na gamitin ang paggawa sa pagtulong sa mga nangangailangan.*
- Ang paggawa ay isang moral na obligasyon. Kailangan ng tao na gumawa upang tumugon sa pangangailangan na panatilihin at pagyamain ang sangkatauhan.
  - Sa bawat sakuna o kalamidad na dumadating, makikita ang tunay na bayanihan ng mga tao. Marami tayong nakikitang mga manggagawang handang tumulong sa mga nangangailangan.

### 4. *Ang paggawa ay nagbibigay ng dahilan sa pag-iral ng tao.*

- Ang buhay na walang patutunguhan ay walang katuturan at ang paggawa ang nagbibigay ng katuturan dito. Ang pagbibigay ng lahat ng iyong panahon at pagod sa paggawa ay hindi dapat mawawaglit sa pag-aalay nito para sa kapurihan ng Diyos.

#### *Halimbawa:*

Lahat ng manggagawa hindi lang salapi o sweldo ang nagbibigay kaligayahan sa kanila kundi ang kanilang ginagawa ang mismong dahilan ng pagiging tao at tuwirang layon ng kanilang pagkatao.

### **Subheto at Obheto ng Paggawa**

- **Tao** ang **subheto** ng paggawa dahil nasa tao ang kakayahan na gumawa at gumanap ng iba't ibang kilos na kailangan sa proseso ng paggawa. Ang paggawa ay para sa tao at hindi ang tao para sa paggawa. Ito ay nangangahulugang:
  - a. hindi kasangkapan ang tao na kinakailangan para mapagyaman ang paggawa bagkus kailangan niya ang paggawa upang makamit niya ang kaniyang kaganapan.
  - b. ang tao ang gagamit ng lahat ng mga nilikha bunga ng paggawa at hindi nararapat na iasa lamang ng tao ang kaniyang pag-iral sa mga produktong nilikha para sa kaniya ng kaniyang kapuwa
  - c. ang tao ang gagamit ng lahat ng mga nilikha bunga ng paggawa kung kaya ibinubuhos ng tao ang lahat ng kaniyang pagod at pagkamikhain upang makagawa ng isang makabuluhang produkto.


- Ang **obheto** ng paggawa ay ang kalipunan ng mga gawain, *resources*, instrumento at teknolohiya na ginagamit ng tao upang makalikha ng mga produkto.

### **Panlipunang Dimensiyon ng Paggawa**

- Ang paggawa ay paggawa para sa kapuwa at kasama ang kapuwa. Ito ay paggawa ng isang bagay para sa iba. Ang bunga ng paggawa ng tao ang nagbubukas para sa pagpapalitan, ugnayan at pakikisangkot sa ating kapuwa. Mahalagang naibabahagi ang pag-asa, paghihirap, pangarap at kaligayahan at napagbubuklod ang loob, isip at puso ng lahat ng tao habang gumagawa. Dito makakamit ang tunay na pagkakapatiran - ang tunay na panlipunang layunin ng paggawa.

Ang paggawa ang nagbibigay ng katuturan sa buhay ng tao. Sa pamamagitan ng paggawa nakakamit ng tao ang mga sumusunod:

- ❖ Suporta para sa pansariling pangangailangan
- ❖ Pagpapayaman ng pagkamalikhain
- ❖ Mataas na tiwala sa sarili
- ❖ Pagkakataong makisalamuha at makisama sa iba
- ❖ Pagkakataong isabuhay ang tunay na pagbibigay
- ❖ Pagiging kabahagi sa paggawa tungo sa kaganapan sarili at ng kapuwa
- ❖ Magampanan ang tungkulin sa Diyos.




## **Pagyamanin**

Panuto: Pumili ng isang gawain sa ibaba.

### A. Unang Gawain

Gumawa ng *concept map* tungkol sa natutunan mo sa iyong binasa.



A. Ikalawang Gawain

Gumawa ng **infomercial** na nagpapatunay na sa pamamagitan nga paggawa ay nakakamit niya ang kaganapan ng kanyang pagkatao

**Rubriks**

<b>Pamantayan</b>	<b>Pinaka-mahusay</b>	<b>Mahusay</b>	<b>Katam-taman</b>	<b>Nangangailangan ng ensayo</b>	<b>kabuuan</b>
<b>NILALAMAN (50%)</b> ✓ Malinaw na naipapakita ang paksang nais talakayin o ang kanyang nais ibahagi sa mga kamag-aral					
<b>PAGIGING MALIKHAIN (25%)</b> ✓ Mahusay na naipakita ang paggamit ng iba't-ibang istrategiya upang maging masaya, kaakit-akit ang infomercial na nabuo.					
<b>GAMIT NG WIKA AT SALITA (25%)</b> ✓ Angkop ang mga salitang ginamit					
<b>KABUUAN (100 %)</b>					


B. Ikatlong Gawain

Gumawa ng **infographic** tungkol sa kahalagahan ng paggawa bilang tagapagtaguyod ng dignidad ng tao at paglilingkod

**Rubriks**

<b>Pamantayan</b>	<b>Pinaka-mahusay</b>	<b>Mahusay</b>	<b>Katam-taman</b>	<b>Nangangailangan ng ensayo</b>	<b>kabuuan</b>
<b>NILALAMAN (30%)</b> ✓ Naipapakita at naipapaliwanag ng mahusay ang ugnayan ng kosepto sa paggawa ng infographic					

<p><b>KAANGKUPAN NG KONSEPTO (25%)</b></p> <p>✓ Maliwanag ang mensahe sa paglalarawan ng konsepto</p>					
<p><b>PAGKAMAPANLIKHA (ORIGINALITY) (15%)</b></p> <p>✓ Orihinal ang ideya sa paggawa ng infographic</p>					
<p><b>PAGKAMALIKHAIN (15%)</b></p> <p>✓ Gumamit ng tamang kombinasyon ng mga kulay upang maipahayag ang nilalaman, konsepto at mensahe</p>					
<p><b>KABUUNANG PRESENTASYON (15%)</b></p> <p>✓ Malinis at maayos ang kabuunang presentasyon</p>					
<p><b>KABUUNAN (100%)</b></p>					



## Isaisip

**Panuto:** Sumulat ng isang maikling sanaysay tungkol sa paggawa.

**Gabay na tanong:**

1. Paano naipamamalas ng tao ang mga pagpapahalaga niya sa paggawa at paglilingkod sa kapuwa at lipunan?

### Rubriks para sa Paggawa ng Sanaysay

	<i>Nilalaman</i>	<i>Organisasyon</i>	<i>Style</i> <i>(Pagkamapanlikha at Pagkamalikhain)</i>	<i>Mechaniks</i>	<i>Kabuuan</i>
<i>Kraytiryá</i>	<b>40%</b> Naipapakita at naipaliwanag ng maayos ang ugnayan ng konseptong isinulat sa pahayag	<b>35%</b> Mahusay ang pagkakasunodsunod ng mga ideya, malinaw at makabuluhan.	<b>15%</b> Lubos na nagpapamalas ng pagkamalikhain sa pagsulat ng maikling sanaysay at orihinal ang mga ideyang ginamit	<b>10%</b> Wasto ang mga ginamit na salita at pagbabantas	<b>100%</b>

2. Naiaangat ba ng mga pagpapahalagang ito ang kaganapan ng kanyang pagkatao? Ipaliwanag

---



---



## Isagawa

**Pananaliksik**

**Panuto:** Magsagawa ng pananaliksik ukol sa mga manggagawang Pilipino na iniaalay ang kanyang paggawa para sa mga taong nangangailangan lalo na ang mga mahihirap at *marginalized*. Maaaring siya ay nagmula sa iba't ibang karera o negosyo sa *track* na akademik, teknikal-bokasyonal, sining at disenyo at isports. Kailangang malinaw ang kalalabasan ng ginawang pagsaliksik.

1. Ang sinteses ng kabutihang dulot ng paggawa para sa mga nangangailangan- mga mahihirap at *marginalized*
2. Ang kaniyang layunin sa paggawa
3. Ang nagtulak sa kaniya o kaniyang naging motibasyon sa pagpili ng trabaho o negosyo
4. Mga hamon na pinagdaanan niya sa paggawa lalo na ang mga problema o balakid na kaniyang nalampasan o kinakaharap



## Tayahin


**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Piliin ang pinakaangkop na sagot at isulat ang titik sa iyong sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** nangangahulugan ng salitang paggawa?
  - A. Isang bagay na hindi matatakas at kailangang harapin sa bawat araw
  - B. Isang gawain ng tao na nangangailangan ng likas na pagkukusa at pagkamalikhain
  - C. Isang pagkilos na hindi batay sa kaalaman
  - D. Malaking bahagi ng pagkatao na kailangang isagawa ng may pananagutan
2. Sa pamamagitan ng paggawa nakakamit ng tao ang mga sumusunod, **maliban** sa:
  - A. Suporta para sa pansariling pangangailangan
  - B. Karapatang samsamin ang pag-aari ng iba
  - C. Mataas na tiwala sa sarili
  - D. Pagkakataong makisalamuha at makisama sa iba
3. Kailan masasabi na ang paggawa ay isang moral na obligasyon para sa kapuwa, pamilya, at lipunan na kaniyang kinabibilangan?
  - A. Kapag iniisip ng tao ang kaniyang sarili sa kaniyang paggawa
  - B. Kapag kinakailangang isama sa layunin ng tao sa paggawa ang makatutulong sa kaniyang kapuwa.
  - C. Kapag kinakailangan ng tao na maghanap ng hanapbuhay na ang layunin ay makatulong at magsilbi sa kapuwa.
  - D. Lahat ng nabanggit
4. Ang tao ay gumagawa upang kitain ang salapi na kaniyang kailangan upang matugunan ang kaniyang pangunahing pangangailangan. Ang pangungusap ay \_\_\_\_\_.
  - A. Tama, dahil likas sa tao na unahing tugunan ang kaniyang pangunahing pangangailangan.
  - B. Tama, dahil hindi mabibili ng tao ang kaniyang pangangailangan kung wala siyang pera.
  - C. Mali, dahil hindi nararapat na pera ang maging layunin sa paggawa
  - D. Mali, dahil mas mahalagang isipin na matugunan ang pangangailangan ng kapuwa bago ang sarili
5. Saan nakikita ang tunay na halaga ng paggawa?
  - A. Sa proseso na pinagdaanan bago malikha ang isang produkto
  - B. Sa kalidad ng produkto na nilikha ng tao
  - C. Sa haba ng panahon na iginugol upang malikha ang isang produkto
  - D. Sa katotohanan na ang gumawa o lumikha ng produkto ay tao

6. Ang paggawa ay para sa tao at hindi ang tao para sa paggawa. Ito ay nangangahulugang \_\_\_\_\_.
- hindi kasangkapan ang tao na kailangan para mapagyaman ang paggawa bagkus kailangan niya ang paggawa upang makamit niya ang kanyang kaganapan.
  - hindi kasangkapan ang tao na kinakailangan para mapagyaman ang paggawa bagkus ang tao ang kailangan upang mapagyaman ang mga kasangkapan na kinakailangan sa pagpapayaman ng paggawa
  - ang tao gagamit ng lahat ng mga nilikha bunga ng paggawa at hindi nararapat na iasa lamang ng tao ang kaniyang pag-iral sa mga produktong nilikha para sa kaniyang kapuwa.
  - ang tao ang gagamit ng lahat ng mga nilikha bunga ng paggawa kung kaya ibinubuhos ng tao ang lahat ng kaniyang pagod at pagkamalikhain upang makagawa ng isang makabuluhang produkto.
7. Ang sumusunod ay layunin ng paggawa maliban sa isa \_\_\_\_\_.
- Kumita at ipagdamot ang bunga ng paggawa
  - Kumita ng salapi na kailangan upang matugunan ang pangangailangan
  - Makapag-ambag sa patuloy na pag-angat at pagbabago ng Agham at Teknolohiya
  - Maiangat ang kultura at moralidad ng lipunang kinabibilangan
8. Ang paggawa ay isang moral na obligasyon para sa kapuwa, sa kanyang pamilya, sa lipunan na kaniyang kinabibilangan at sa bansa. Ito ay nangangahulugang:
- Hindi nararapat na isipin ng tao ang kanyang sarili sa kanyang paggawa.
  - Kailangang kasama sa layunin ng tao sa paggawa ang makatulong sa kaniyang kapuwa.
  - Kailangan ng tao na maghanap ng hanapbuhay na ang layunin ay makatulong at magsilbi sa kapuwa.
  - Lahat ng nabanggit
9. Ang pinakamataas na layunin ng paggawa ay ang \_\_\_\_\_.
- pagtulong sa mga nangangailangan.
  - pagkamit ng kaganapang bilang tao.
  - pag-angat ng kultura at moralidad.
  - pag-angat at pagbabago ng Agham at Teknolohiya.
10. Ano ang obheto ng paggawa?
- Kalipunan ng mga gawain, *resources*, *instrument* at teknolohiya na ginagamit ng tao upang makalikha ng mga produkto
  - Mga taong gagamit ng mga produktong nilikha
  - Tunay na layunin ng tao sa kaniyang paglikha ng mga produkto
  - Kakayahang kakailanganin ng tao upang makalikha ng isang produkto



11. Ang buhay na walang patutunguhan ay walang katuturan at ang paggawa ang nagbibigay katuturan dito. Sa pamamagitan ng paggawa nakakamit ng tao ang sumusunod maliban sa \_\_\_\_\_.
- nabibigyang-dangal ang kanyang pagkatao
  - nagagampanan niya ang kanyang tungkulin sa Diyos
  - nakakayanan niyang suportahan ang kanyang mga pangangailangan
  - napagayaman ang pagiging makasarili
12. Ang pag-unlad ng teknolohiya ang isa sa mga palatandaan ng pag-unlad ng ekonomiya ng isang bansa ngunit unti-unti rin nitong nailalayo ang tao sa kanyang tunay na esensiya sa mundo. Alin sa sumusunod ang nagpapatibay sa pahayag na ito?
- pagbuo ng tao ng kaniyang pagkakakilanlan at kakayahan
  - pagkamit ng kaganapang pansarili
  - pagtulong sa kapuwa upang makamit ang kanyang kaganapan
  - lahat ng nabanggit
13. Sino sa sumusunod ang hindi nakatutulong sa pag-angat ng antas kultural ng bansa sa pamamagitan ng kanilang paggawa?
- Si Antonio na gumagawa ng mga muwebles na yari sa rattan at buli at nilalapatan ng modernong disenyo
  - Si Renee na gumagawa ng mga damit na yari sa materyal na tanging sa bansa nakikita at inilalapat sa yari ng mga damit ng mga banyaga
  - Si Romeo na nag-*eexport* ng mga produktong gawa sa mga kalapit na bansa
  - Si Shiela na gumagawa ng mga pelikulang tungkol sa mga isyung panlipunan ng bansa na inilalahok sa mga timpalak sa buong mundo.
14. Sa paanong paraan nagiging hindi makabuluhan ang paggawa?
- Kapag ang tao ay tinitingnan ang paggawa bilang tunguhin (goal) at hindi daan (means) sa pagkamit ng tunguhin
  - Kapag ang pagbibigay ng iyong lahat ng panahon at pagod sa paggawa ay hindi nagwawaglit sa pag-aalay nito para sa kapurihan ng Diyos
  - Kapag ibinibigay ng tao ang lahat ng kaniyang makakaya sa paggawa upang kaniyang matamasa ang bunga ng kanyang pinagpaguran
  - Kapag nakikita at nauunawaan ng tao ang kahulugan ng kaniyang paggawa
15. Ano ang mabuting naidudulot ng pag-unlad ng Agham at Teknolohiya sa pagiging produktibo ng tao sa paggawa \_\_\_\_\_.
- Hindi nagkakaroon ng pagkakataon ang tao na magamit ang kaniyang pagkamalikhain
  - Mas nababawasan ang halaga ng isang produkto dahil hindi ito nahawakan ng tao.
  - Nagkakaroon ng katuwang ang tao sa mabilis na paglikha ng maraming produkto
  - Nababago na ang kahulugan ng tunay na paggawa.



## ***Susi sa Pagwawasto***

**Tayahin**

1. C  
2. B  
3. D  
4. A  
5. D  
6. D  
7. A  
8. D  
9. B  
10. A  
11. D  
12. D  
13. C  
14. A  
15. C

**Subukin**

1. A  
2. C  
3. A  
4. D  
5. D

# **Sanggunian**

## *Aklat*

- Kagawaran ng Edukasyon, *Edukasyon sa Pagpapakatao 9 Modyul para sa Mag-aaral*, DepEd-BLR, Muling Limbag 2017, pp.96-107

## *Image*

- Free-images.com, Worker ant carrying leaf  
[https://free-images.com/display/worker\\_ant\\_carrying\\_leaf.html](https://free-images.com/display/worker_ant_carrying_leaf.html)
- Publicdomainvectors.org, “Black spider on a web” , September 20, 2016  
<https://publicdomainvectors.org/en/free-clipart/Spider-andnet/49330.html>
- Ariel Lucerna, “Filipino”,  
<https://www.pinterest.ph/pin/237424211576081082/>

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex  
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: [blr.lrqad@deped.gov.ph](mailto:blr.lrqad@deped.gov.ph) \* [blr.lrpd@deped.gov.ph](mailto:blr.lrpd@deped.gov.ph)